
# Project EASE

## (Effective and Affordable Secondary Education)

## EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV



## MODYUL BLG. 3

**BUREAU OF SECONDARY EDUCATION**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

## Yunit I

## Modyul Blg. 3

## Ang Tamang Pag-iisip

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Gusto mo ang nasa paaralan dahil masayang kasama ang iyong mga kamag-aral at mga kaibigan. Ngunit gusto mo rin ang nasa tahanan dahil dito ay kapiling mo ang iyong pamilya at mga kabarkada. Ngunit, saan nga ba ang higit na masaya para sa iyo, sa paaralan o sa tahanan? Nalilito ka ba?

Madalas, nagtatalo ang iyong isipan at kalooban sa mga pasyang dapat mong gawin. Kung minsan ay mabigat ang iyong damdaming sundin ang sinasabi ng iyong isipan subalit kailangan mong gawin dahil ito ang tama. At sa huli kapag nakita mo ang resulta, natutuwa ka na rin. Minsan naman, dahil sa bugso ng damdamin, nagagawa mo ang isang hakbang na sa huli ay iyong pinagsisihan subalit parang hindi mo masabing nagsisisi ka dahil marami na sa iyo ang naghuhusga na mali ang iyong ginawa kaya tumatahimik ka na lamang.

Sa modyul na ito, maiintindahan mo kung bakit nagkakaganito ang tao. Ang mga gawain ang siyang gagabay sa iyo upang maunawaan mo ang iyong kilos at pasya.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

*Nahihinuha na ang layunin ng talino (intellect) ay ang pagtuklas ng katotohanan at ang malayang loob (will) ay ang paggawa ng kabutihan (LC 1.3)*

A. Nasusuri ang pasyang ginawa batay sa tamang paghusga ng kaisipan (intellect)

B. Natutukoy ang kabutihang dulot ng pasyang ginawa na batay sa malayang loob (will)

C. Nakabubuo ng mga hakbang upang mapaunlad ang tamang paggamit ng kaisipan (intellect) at malayang loob (will)

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at ibang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Basahing mabuti ang pahayag. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ang kaisipan (intellect) ay laging tinutungo ang:
   a. kapayapaan
   b. kabutihan
   c. katotohanan
   d. kagandahan

2. Nilalayon naman ng malayang loob (will) ang paggawa ng:
   a. kapayapaan
   b. kabutihan
   c. katotohanan
   d. kagandahan

3. Tinatawag na blind faculty ang malayang loob (will) dahil
   a. hindi siya maaaring mag-isa
   b. nahihirapan siyang mag-isa
   c. umaasa siya sa impormasyon ng kasipan (intellect)
   d. dapat kasama niya palagi ang kaisipan (intellect)

4. Kung ikaw ay naguguluhan sa iyong pagpapasya dahil sa nagtutunggaling katwiran sa iyong isipan, maaaring:
   a. huwag ka nang gumawa ng pasya.
   b. gayahin mo na lamang ang pasya ng iba.
   c. kunsultahin ang iyong magulang, kapatid, guro o pari.
   d. ituloy pa rin ang pasya at bahala na sa resulta at epekto nito.

5. Sa isang sulok ng paaralan, nakita ni Rita na nag-uusap ang kanyang kaibigang si Gloria at ang nakaaway na si Lucita. Naisip ni Rita, marahil ay sinasabi ni Gloria ang kanyang mga sekreto kay Lucita upang lalo itong magalit sa kanya. Ano ang maaaring gawin ni Rita?

a. Lapitan ang dalawa at itanong kung ano ang kanilang pinag-uusapan.
b. Hayaang mag-usap ang dalawa dahil may tiwala si Rita sa kanyang kaibigang si Gloria.
c. Abangan si Gloria at itanong kung ano ang kanilang pinag-usapan.
d. Abangan si Lucita at itanong kung ano ang sinabi ni Gloria sa kanya.

B. Basahing mabuti ang pahayag. Lagyan ng tsek (√) ang kolum na inaakalang antas ng determinasyon sa paggawa pasya.

| | Palagi<br>3 | Minsan<br>2 | Hindi<br>1 |
|---|---|---|---|
| 1. Iniisip ko muna ang kalalabasan ng bawat pasyang ginagawa ko. | | | |
| 2. Pinaninindigan kong sundin ang sinasabi ng aking isipan. | | | |
| 3. Malaya kong ginagawa ang aking mga pasya. | | | |
| 4. Ibinabatay ko sa tamang katwiran ang aking mga desisyon. | | | |
| 5. Kinukunsulta ko ang aking mga magulang, kapatid o guro sa tuwing naguguluhan ako sa pagpapasya. | | | |
| 6. Sa tuwing naiisip kong mali ang aking pasya, ipinagpapaliban ko muna ang paggawa ng hakbang. | | | |
| 7. Dahil blind faculty ang will, iniisip ko munang mabuti kung batay lamang sa bugso ng aking damdamin ang aking pasya. | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 8. Sinusuri ko nang mabuti ang bawat hakbang na aking gagawin upang hindi ako magkamali sa aking pasya. | | | |
| 9. Dahil alam kong makapagpapalaya sa katotohanan ang paggawa ng pasya, wala akong alinlangang gawin ang aking pasya | | | |
| 10. Hinihiling ko ang gabay ng Poong Lumikha upang maging tama ang aking pasya | | | |

Nasagot mo ba nang maayos ang panimulang pagsubok. Kung ganoon, umpisahan mo na ang mga gawain.

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Basahing mabuti ang kuwento mula sa Banal na Aklat (Lucas 14:11-32). Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Ang Alibughang Anak

Isang tao ang may dalawang anak na lalaki. Ang wika ng bunso, "Ama, ibigay na po ninyo sa akin ang mamanahin ko." Ibinahagi ng ama ang kanyang ari-arian sa dalawang anak. Pagkalipas ng ilang araw, ipinagbili ng bunso ang kanyang mana at nagtungo sa malayong lupain. Doon ay nilustay ang kanyang kayamanan sa di wastong pamumuhay. Naubos ito at nagkaroon ng taggutom sa lupaing yaon kaya naghirap siya. Namasukan siya sa isang mamamayan ng lupaing iyon. Pinapunta siya sa bukid upang mag-alaga ng baboy. Ibig niyang punan ang kanyang pagkain kahit ng mga bungangkahoy na ipinapakain sa mga baboy ngunit walang magbigay sa kanya. Napag-isip-isip niya ang kanyang ginawa at nasabi sa sarili, "Ang mga alila ng aking ama ay may sapat na pagkain at lumalabis pa, samantalang ako'y mamamatay sa gutom dito! Babalik ako sa kanya at sasabihin ko, *Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na tawagin ninyong anak, ibilang na lamang ninyo akong isa sa inyong mga alila".* Tumindig siya at pumaroon sa kanyang ama.

Malayo pa, natanaw na siya ng ama at labis na nahabag sa kanya, kaya't patakbo siyang sinalubong, niyakap at hinagkan. Sinabi ng anak, "Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na tawagin ninyong anak". Ngunit tinawag ng ama ang kanyang mga alila. "Madali! Dalhin ninyo rito ang pinakamahusay na damit at isuot sa kanya. Suutan siya ng singsing at panyapak. Kunin ang pinatabang guya at patayin. Kumain tayo at magsaya."

Nasa bukid noon ang anak na panganay. Umuwi siya at nang malapit na sa bahay, narinig niya ang tugtugan at sayawan. Tinawag ang isa sa mga alila at tinanong ang dahilan ng kasayahan. "Dumating po ang inyong kapatid", tugon ng alila. "Ipinapatay ng inyong ama ang pinatabang guya sapagkat nagbalik siyang buhay at wlang sakit". Nagalit ang panganay at ayaw pumasok sa bahay. Kaya't lumabas ang ama at inamu-amo siya. Ngunit sinabi nito, "Pinaglingkuran ko po kayo sa loob ng maraming taon, at kailanma'y hindi ko kayo sinuway. Ngunit ni minsa'y hindi ninyo ako binigyan kahit isang bisirong kambing para magkatuwaan kami ng aking mga kaibigan. Subalit nang dumating ang anak ninyong lumustay ng inyong kabuhayan sa masasamang babae, ipinagpatay ninyo ng pinatabang guya".

Sumagot ang ama, "Anak, lagi kitang kapiling. Ang lahat ng ari-arian ko'y sa iyo. Ngunit dapat tayong magsaya at magalak sapagkat ang iyong kapatid ay nawala ngunit nahanap natin."

### Sagutin mo

1. Kung ikaw ang bunsong anak, gagawin mo ba ang ginawang pagbalik sa kanilang tahanan? Bakit?
2. Kung ikaw ang ama, tatanggapin mo bang muli ang bunso mong anak? Bakit?
3. Kung ikaw ang panganay na anak, magagalit ka rin ba sa iyong ama? Bakit?
4. Maaaring nagdamdam ang panganay na anak, subalit ano ang kahulugan ng sinabi ng ama, *"Anak, lagi kitang kapiling. Ang lahat ng ari-arian ko'y sa iyo. Ngunit dapat tayong magsaya at magalak sapagkat ang iyong kapatid ay nawala ngunit nahanap natin."*?
5. Bakit matalino ang ginawang pagpapasya ng kanilang ama?

## Gawain Blg. 2

Nasuri mo na ang pasyang ginawa ng iba, suriin mo naman ngayon ang paraan ng paggawa mo ng pasya. Subukin mo kong matalino ka sa paggawa ng pasya. Sundin ang sumusunod na panuto:

1. Isulat ang sagot sa bawat patlang sa unang kolum.
2. Sa pangalawang kolum, isulat ang pinakahigit sa tatlong isinulat mo sa unang kolum.
3. Ipaliwanag ang sagot sa ikalawang kolum sa ikatlong kolum.

| Ang paborito kong: | Pinakahigit sa tatlo ay si/ang: | Pinakahigit siya/ito dahil: |
|---|---|---|
| 1. Kaibigan<br>________, ________, ________ | ________ | ________<br>________ |
| 2. Guro<br>________, ________, ________ | ________ | ________<br>________ |
| 3. Kaklase<br>________, ________, ________ | ________ | ________<br>________ |
| 4. Asignatura<br>________, ________, ________ | ________ | ________<br>________ |
| 5. Mang-aawit<br>________, ________, ________ | ________ | ________<br>________ |
| 6. Artista<br>________, ________, ________ | ________ | ________<br>________ |
| 7. Hayop<br>________, ________, ________ | ________ | ________<br>________ |
| 8. Lugar<br>________, ________, ________ | ________ | ________<br>________ |
| 9. Pagkain<br>________, ________, ________ | ________ | ________<br>________ |
| 10. Kasuotan<br>________, ________, ________ | ________ | ________<br>________ |

## Sagutin Mo

1. Madali ba ang naging gawain? Bakit?
2. Ano ang iyong isinaalang-alang sa pagpili mo ng pinakahigit sa tatlo mong gusto o paboritong bagay?
3. Bakit kailangang mamili ang tao sa mga bagay na pareho ang halaga sa iyo?
4. Paano mo magagamit ang iyong kaisipan (intellect) sa pagpapasya?
5. Paano ginagamit ang malayang loob (will) sa iyong pagpapasya?

## Gawain Blg. 3

Nakalilibang ang mag-isip ng mga bagay na mahalaga sa iyo. Ngunit paano naman kung ikaw ay masasangkot sa isang sitwasyong kailangan mong mamili at gumawa ng pasya? Sa gawaing ito, magpasya kung ano ang nakahihigit sa iyo gamit ang iyong isipan (intellect) at malayang loob (will).

1. Sa Linggo ang educational trip ninyo at dahil malayo ang inyong lugar, kailangang madaling araw pa lang ay umalis na kayo. Gabi na rin ang inyong uwi kaya hindi ka maaaring makapagsimba. Lagi kang nagsisimba tuwing Linngo, kaya ano ang maaari mong gawin:

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

2. *Family reunion* ninyo. Darating ang iyong lolo, lola at mga pinsang galing pa sa ibang bansa. Sila ay malalapit sa iyo. Ngunit sa araw ding ito gaganapin ang *tree planting* ng inyong grupo. Layunin ninyong taniman ng mga puno ang nakakalbong kagubatang malapit sa inyo. Ano ang gagawin mo?

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

3. Alam mong mahihirapan ang iyong magulang na tustusan ang pag-aaral mo sa kolehiyo. Nangako ang iyong ama na gagawin niya ang lahat, makapag-aral ka lang. Ngunit inalok ka ng trabaho ng iyong kaibigan pagkatapos mo ng sekundarya. Ano ang gagawin mo?

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

**Sagutin mo**

1. Nahirapan ka bang pumili at gumawa ng pasya sa bawat sitwasyon? Bakit?
2. Anu-ano ang iyong isinaalang-alang sa iyong ginawang pasya?
3. Bakit nararapat gamitin ang kaisipan (intellect) at malayang loob (will) sa pagpapasya?

## IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Mula sa mga naging gawain, natuklasan ko ang maaaring magawa ng aking:

A. Kaisipan (intellect)

- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________

B. Malayang loob (will)


- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________

## V. Pagpapatibay

Mag-isip-isip at Timbangin ang Pasya

*"When we see men of worth, we should think of equaling them; When we see men of contrary character, we should turn inwards and examine ourselves."*

Confucius




Ang tao ay mayroong kaisipan (intellect) upang mahanap niya ang katotohanan. Kaya sinasaliksik at tinutuklas niya ang mga bagay na nasa kanyang paligid upang higit niyang mapalawig at mabigyan ng patunay ang mga bagay at pangyayari. Dahil sa kaalaman, maaari niyang mapaunlad, mapagaan at mapabuti ang pamumuhay ng tao. Higit niyang nauunawaan ang mga pagbabagong nagaganap sa kanyang paligid. Nalulutas niya ang mga bagay na palaisipan para sa kanya. Higit sa lahat, dahil sa kaisipan, nagagamit niya ang tamang katwiran.

Mayroon ding malayang loob (will) ang tao. Maaari niyang piliin ang mabuti at umiwas sa masama. Ngunit ito ay tinatawag na blind faculty dahil ito ay umaasa lamang sa kaisipan (intellect). Kaya nararapat na masanay ang will na mahalin ang mabuti.

Kaya't ang mga mabubuting birtud (virtues) ay nararapat na linangin at isabuhay upang masanay na mag-isip nang naaayon sa mga tamang batayan at naaayon sa kalikasan ng tao. Upang higit

pang masanay ang intellect at will ay narito ang mga paraan mula kay Esther J. Esteban.

| Pagsasanay ng Intellect | Pagsasanay ng Will |
|---|---|
| 1. Suriin ang katotohanan at kahalagahan ng buhay.<br>2. Unawain ang ganap na katotohanan (universal truth).<br>3. Unawain at mangatwiran batay sa katotohanan at moralidad at iugnay ito sa buhay.<br>4. Bumuo ng pasya batay sa ganap na pamantayang moral.<br>5. Suriin ang kalalabasan ng iyong pasya at kilos.<br>6. Maging rasyonal sa paglutas ng suliranin | 1. Mahalin ang Diyos at kapwa.<br>2. Piliin ang higit na mabuti.<br>3. Malayang isagawa ang pasya<br>4. Maging responsable sa paggamit ng kalayaan.<br>5. Tahakin ang likas at lohikal na landasin ng bawat pasya.<br>6. Magkaroon ng disiplina at pagpipigil ng emosyon.<br>7. Magkaroon ng determinasyon sa pagpapasya.<br>8. Maging handa sa pagbabago at pag-unlad.<br>9. sabuhay ang mga pagpapahalaga at mga birtud (virtues). |

Kung sa iyong palagay ay nahihirapan kang mamili at gumawa ng pasya sa mga bagay na sa iyong palagay ay magkasing-halaga, maaari mong gawin ang sumusunod:

1. Lumapit, sumangguni at humingi ng payo sa mga taong eksperto at mahaba ang karanasan tulad ng iyong mga magulang, nakatatandang kapatid, guro o pari.
2. Ipagpaliban muna ang pasya kung sa iyong palagay ay makasisira ng buhay ng ibang tao hanggang hindi mo natitiyak ang kahihinatnan ng pasya.

## VI. Pagnilayan At Isabuhay Mo

Mula sa mga naging gawain, isipin ang isang pasyang kailangan mong gawin sa iyong buhay. Gamit ang iyong kaisipan at malayang loob, isulat kung paano mo ito maisasakatuparan.

Ang pasyang mahalaga sa aking buhay ay ang:

- ______________________________

Ang mga paraan upang maisakatuparan ito ay ang mga sumusunod:

- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Basahing mabuti ang pahayag. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ang kaisipan (intellect) ay laging tinutungo ang:
   a. kapayapaan
   b. kabutihan
   c. katotohanan
   d. kagandahan

2. Nilalayon naman ng malayang loob (will) ang paggawa ng:
   a. kapayapaan
   b. kabutihan
   c. katotohanan
   d. kagandahan

3. Tinatawag na blind faculty ang malayang loob (will) dahil
   a. hindi siya maaaring mag-isa
   b. nahihirapan siyang mag-isa
   c. umaasa siya sa impormasyon ng kasipan (intellect)
   d. dapat kasama niya palagi ang kaisipan (intellect)

4. Kung ikaw ay naguguluhan sa iyong pagpapasya dahil sa nagtutunggaling katwiran sa iyong isipan, maaaring:
   a. huwag ka nang gumawa ng pasya.
   b. gayahin mo na lamang ang pasya ng iba.
   c. kunsultahin ang iyong magulang, kapatid, guro o pari.
   d. ituloy pa rin ang pasya at bahala na sa resulta at epekto nito.

5. Sa isang sulok ng paaralan, nakita ni Rita na nag-uusap ang kanyang kaibigang si Gloria at ang nakaaway na si Lucita. Naisip ni Rita, marahil ay sinasabi ni Gloria ang kanyang mga sekreto kay Lucita upang lalo itong magalit sa kanya. Ano ang maaaring gawin ni Rita?
   a. Lapitan ang dalawa at itanong kung ano ang kanilang pinag-uusapan.
   b. Hayaang mag-usap ang dalawa dahil may tiwala si Rita sa kanyang kaibigang si Gloria.
   c. Abangan si Gloria at itanong kung ano ang kanilang pinag-usapan.
   d. Abangan si Lucita at itanong kung ano ang sinabi ni Gloria sa kanya.

B. Basahing mabuti ang pahayag. Lagyan ng tsek (√) ang kolum na inaakalang antas ng determinasyon sa paggawa pasya.

| | Palagi<br>3 | Minsan<br>2 | Hindi<br>1 |
|---|---|---|---|
| 1. Iniisip ko muna ang kalalabasan ng bawat pasyang ginagawa ko. | | | |
| 2. Pinaninindigan kong sundin ang sinasabi ng aking isipan. | | | |
| 3. Malaya kong ginagawa ang aking mga pasya. | | | |
| 4. Ibinabatay ko sa tamang katwiran ang aking mga desisyon. | | | |
| 5. Kinukunsulta ko ang aking mga magulang, kapatid o guro sa tuwing naguguluhan ako sa pagpapasya. | | | |
| 6. Sa tuwing naiisip kong mali ang aking pasya, ipinagpapaliban ko muna ang paggawa ng hakbang. | | | |
| 7. Dahil blind faculty ang will, iniisip ko munang mabuti kung batay lamang sa bugso ng aking damdamin ang aking pasya. | | | |
| 8. Sinusuri ko nang mabuti ang bawat hakbang na aking gagawin upang hindi ako magkamali sa aking pasya. | | | |
| 9. Dahil alam kong makapagpapalaya sa katotohanan ang paggawa ng pasya, wala akong alinlangang gawin ang aking pasya | | | |
| 10. Hinihiling ko ang gabay ng Poong Lumikha upang maging tama ang aking pasya | | | |

## VIII. Mga Sanggunian


Esteban, E. J. (1990). *Education for Values*. Manila: Sinagtala Publishers

Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports-IMC. (1995). *Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Sangguniang Aklat*. Pasig City: May-akda.


## Susi sa Pagwawasto

**Handa Ka Na Ba?**

1. c
2. b
3. c
4. c
5. b

| Iskor | Antas ng Paggamit ng Kaisipan at Malayang Loob |
|---|---|
| 21-30 | Mataas ang antas ng paggamit ng kaisipan at malayang loob |
| 11-20 | Katamtaman ang antas ng paggamit ng kaisipan at malayang loob |
| 0-10 | Mababa ang antas ng paggamit ng kaisipan at malayang loob |

**Gaano Ka Natuto?**

1. c
2. b
3. c
4. c
5. b

| Iskor | Antas ng Paggamit ng Kaisipan at Malayang Loob |
|---|---|
| 21-30 | Mataas ang antas ng paggamit ng kaisipan at malayang loob |
| 11-20 | Katamtaman ang antas ng paggamit ng kaisipan at malayang loob |
| 0-10 | Mababa ang antas ng paggamit ng kaisipan at malayang loob |